Kakailanganin mo ng isang bank account at mapag-isipan nang mas maaga kung paano ang pera mo ay maaaring pinakamahusay na makatulong sa iyo na makamit ang iyong mga layunin.



At, kapag ikaw o ang iyong social worker ay naniniwala na maaaring kailangan mo ng karagdagang tulong sa pamamahala ng iyong pera pagsapit mo ng 19 na taon, ang GTO ay puwedeng tumulong sa iyo, sa social worker mo at sa mga taong mahalaga sa buhay mo upang gumawa ng isang plano na naaangkop sa iyo.

Ang isang libretong tinatawag na Dollars & $ense ay matatagpuan sa website ng PGT. Ito ay maaari mong gamitin upang makatulong sa paggawa ng mga desisyon kung paano pamahalaan ang

ang pera mo sa mahusay na paraan. Matatagpuan mo rin ang link sa *First Nations Financial Fitness: Your Guide for Getting Healthy, Wealthy, and Wise*.

Bilang pangwakas, maraming mga bangko at mga credit union na nag-aalok ng payong pinansyal para sa mga kabataan. Inirerekumenda namin sa iyong pag-aralan kung ano ang maiaalok sa iyo ng iyong komunidad!

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa PGT o kung may maitutulong kami sa iyo, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

**Child and Youth Services**
**Public Guardian and Trustee**
700-808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3
Telepono: 604.775.3480
Email: cys@trustee.bc.ca

www.trustee.bc.ca.
webmail@trustee.bc.ca

Maaaring tumawag nang libre sa pamamagitan ng Service BC. Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (sa ibaba), humiling na makausap ang PGT (regular na oras ng opisina 8:30am-4:30pm, Lunes hanggang Biyernes).

| | |
|---|---|
| Vancouver | 604.660.2421 |
| Victoria | 250.387.6121 |
| Sa ibang lugar | 800.663.7867 |



March 2013 13-3#63

Youth In Care [Filipino]

# Public Guardian And Trustee

# Mga Kabataan na nasa Pangangalaga

PUBLIC GUARDIAN AND TRUSTEE OF BRITISH COLUMBIA

Kung ikaw ay nasa patuloy na pangangalaga ng probinsiya ng BC, mayroon kang isang tagapag-alaga ng ari-arian at iyon ay Public Guardian and Trustee (PGT). Ibig sabihin, ang PGT ang responsable para sa iyong legal at pinansyal na mga gawain.

## Ano ang tunay na ibig sabihin nito?

### Mga Pinansyal na Benepisyo

Kung kami ang tagapag-alaga ng iyong ari-arian, nais naming mag-apply para sa nauukol na pananalapi o mga benepisyong maaaring makuha mo. Upang magawa ito, nais naming himukin ang iyong social worker, foster parent o sinumang mahalagang tao na nasa hustong gulang na tumutulong sa iyo, upang kontakin kami at ibahagi ang impormasyon. Gusto din namin makabalita sa iyo!

Halimbawa, hinihiling namin sa iyong social worker na sabihin sa amin kung ang mga magulang mo ay nakakatanggap ng Canada Pension Plan (CPP) Disability Benefits o kung sila ay namatay na. Bakit? Dahil maaaring may karapatan kang tumanggap ng mga benepisyo ng CPP. Kung ikaw ay karapat-dapat, makakakuha ka ng buwanang benepisyo hanggang sa sumapit ka sa edad na 19. At, kapag ikaw ay nasa paaralan mula sa edad na 18 hanggang 25, maaaring may karapatan kang patuloy na makatanggap ng mga benepisyo habang nag-aaral ka.

Kung ikaw ay karapat-dapat na makatanggap ng mga kabayaran sa CPP o anumang pondo, ang aming opisina ang mag-a-apply para sa iyo at tatanggap nito sa ngalan mo. Ang lahat ng pondo na aming matatanggap ay inilalagay namin sa isang trust account na kumikita ng interes. Ang mga ito ay nasa iyong pangalan at bawat buwan ang lahat ng kinikitang interes ay idadagdag sa iyong account.

Ang iyong Guardianship and Trust Officer (GTO) sa PGT ang makikipag-ugnayan sa iyo o sa social worker mo upang matiyak na mayroon ka ng lahat ng mga impormasyong ito.

Nais naming malaman mo na kami ay laging may respeto sa pagiging kompidensiyal!

### Mga Legal na Isyu

Kung ikaw ay napinsala o nasangkot sa isang aksidente habang nasa pangangalaga ng probinsiya, may tungkulin ang social worker mo na ibahagi ang impormasyong ito sa PGT. Ang social worker ang magsasabi sa GTO tungkol sa mga nangyari sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang ulat sa PGT o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa GTO.

Ang GTO ang magsusuri ng impormasyon at makikipag-usap sa abogado ng PGT upang malaman kung may batayan na gumawa ng legal na paghahabol sa iyong ngalan. Ang mga uri ng pinsalang sasabihin sa amin ng iyong social worker ay tungkol sa mga pinsalang resulta ng aksidente sa sasakyan, aksidente sa paaralan, pangkatawan o sexual assault at ilan pang uri ng mga pinsala.

Tinutulungan din namin ang mga kabataan sa ibang bagay tulad ng pagharap sa mga isyu sa trabaho. Kung may paniniwala ka na ikaw ay inalis sa trabaho sa hindi makatarungang dahilan, maaari mong kontakin ang iyong social worker o GTO at isa sa aming abogado ang tutulong sa iyo na pakiharapan ang ahensiya ng pamahalaan (Employment Standards Branch) upang lutasin ang alitan sa pagitan ng tagapag-empleyo at empleyado.



Mayroon din kaming mga tinulungan na kabataang manggagawa na makipag-usap sa WorkSafe BC.

Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-alam sa iyong social worker o sa iyong GTO upang matiyak na ang PGT ay may napapanahong impormasyon tungkol sa iyo.

### Pamamahala ng iyong Pera

Kapag ang PGT ay nakatanggap ng pera para sa iyo, idideposito namin ang perang iyon sa isang trust hanggang sa sumapit ka sa edad na 19 (legal na edad ng mayorya sa BC). Alinsunod sa mga batas sa BC, dapat hawakan at protektahan ng PGT ang pera mo hanggang sa sumapit ka sa hustong gulang.

Sa ilang mga espesyal na pagkakataon, ang PGT ay maaaring maglabas ng pera mula sa iyong trust fund para sa mga espesipikong bagay o mga aktibidad na hindi maaaring bayaran ng Ministry. Ikaw, ang social worker mo at ang GTO ay maaaring mag-usap nang magkakasama upang kayo ng social worker mo ay gumawa ng isang kahilingan. Ang GTO ang gagawa ng desisyon at kapag ikaw at ang iyong social worker ay hindi sumang-ayon sa desisyon, maaari kang humiling ng pormal na pagrepaso sa desisyon.

Makikipagtulungan ang GTO sa iyo at sa iyong social worker at sinumang (mga) pinagkakatiwalaan mong tao na nasa hustong gulang upang maihanda kang pamahalaan ang iyong pera hanggang sumapit ka sa edad na 19.